REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 53

KAPASIYAHAN SA PAGLALAGAY NG ISANG (1) OVERHEAD WATERTANK PARA SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA NAGKAKAHALAGA NG APAT-NAPU'T WALONG LIBONG PISO, PITONG DAAN TATLUMPU'T DALAWANG PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMO (₱48,732.60).

---

SAPAGKAT, ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran at gusali ng Pamahalaang Bayan ay nagsisilbing halimbawa kungdi man ay nagiging basihan sa kakayahan ng mga namumuno sa bayan;

SAPAGKAT, ang "overhead watertank" ay makapagbibigay ng sapat na daloy ng tubig sa loob ng gusali ng Pamahalaang Bayan at mapapanatili ang kalinisan at kalusugan ng mga kawani na naninilbihan dito at maging ng mga taong nakikipag-transaksiyon at pumupunta sa loob ng gusali ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng "overhead watertank" ay maiibsan ang kakulangan ng tubig lalong-lalo na sa pangalawang palapag ng gusali ng Pamahalaang Bayan na kinaroroonan ng Tanggapan ng Punong Bayan at ng Pang. Punong Bayan na kung saan ay dagsa ang dating ng mga tao araw-araw.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagkaisa na maglagay ng isang (1) overhead watertank para sa gusali ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa halagang Apatnapu't walong libong piso, pitong daan tatlumpu't dalawang piso at animnapung sentimo (₱48,732.60).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpung (30th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-26 ng Septiyembre, 1988.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan